**<u>Unang ‘case study’</u>**

- Kakatanggap lang ni Jenna ng kayang Permanent Residency status matapos magtrabaho ng tatlong taon bilang isang live-in caregiver sa Canada. Paglipas ng dalawang taon, na-isponsor niya si Joel, and kanyang asawa, at ang kanilang dalawang anakanada sila Jenna at Joel at ang kanilang dalawang anak - Amy, 9 at Nora, 13. Nakatira sila sa isang 2-bedroom apartment kasama ang dalawa pang kaibigan ni Jenna.
- Nakahanap sila ng bahay sa Windsor na may tatlong silid-tulugan. Abot-kaya din nila ang upa sa bahay. Malapit din ang kanilang bagong bahay sa mga pamilihan at palengke.
- Nakahanap ng trabaho si Joel bilang ‘stocker’ sa Metro, kahit na ang kanyang propesyon o kasanayan ay mekaniko. Sa kaslukuyan, nagttrabaho si Jenna bilang isang Personal Support Worker sa isang nursing home, at nagbabalak na kumuha ng isang bridging program para maging social worker sa Canada. Madalas, mahaba ang shift nila sa trabaho.
- Pagdating nila sa Canada, nahirapan silang maghanap ng ‘family doctor’ para sa kanilang pamilya. Dahil may hika at eksema ang kanilang bunsong anak, noong kinailangan, nagpunta sila sa ‘drop-in clinic’.
- Habang ipinagpapa-enrol nila si Nora sa paaralang pang-publika, nalaman nilang hindi ito nabakuhan laban sa Hepatitis A at B. Binigyan sila ng pulyeto (pamphlet) na may impormasyon sa Tagalog tungkol sa Hepatitis C.
- Hindi sigurado sila Joel at Jenna kung sila ay nabakunahan laban sa Hepatitis A at B. Naalala ni Jenna na, noong siya ay bata pa, binakunahan siya ang isang doktor na nagpupunta sa iba’t ibang lugar upang magbigay ng serbisyong pangkalusugan sa mga mamamayan. Nag-aalala siya na maraming beses ginamit ng doktor na ito ang hiringhilya (syringe) sa pag-iiniksyon. Iniisip niya kung dapat siyang magpa-eksamen, ngunit ayaw niyang isapanganib ang kanyang abilidad na mag-trabaho at suportahan ang kanyang pamilya.

**Talakayin ang mga sumusunod na katanungan:**

- Sa kasalukuyan, ano ang mga pangunahin (priority) sa isipan ni Jenna?
- Ano ang humahadlang kay Jenna na panatilihin ang kanyang kalusugan, kabilang na ang magpa-eksaminasyon?
- Ano at sino ang maaaring makatulong sa kanya?

**<u>Ikalawang ‘case study’</u>**

- Nag-migrate si Anna sa Canada galing sa Pilipinas noong isang buwan. Dahil nakapagtapos siya ng Masters sa Ekonomika, nakapunta siya sa Canada bilang isang manggagawang dalubhasa (‘skilled worker’). Pagdating niya sa Canada, nalaman niyang hindi pala siya maaaring magtrabaho bilang ekonomista hanggang siya ay makatapos ang isang-taong kurso sa pamantasan.
- Hindi naipasa ni Anna ang eksaminasyon ng kanyang kakayahan sa wikang Ingles. Dahil dito, hindi siya nakapag-enrol sa kursong kinakailangan niya upang makapag-upgrade. Upang makapag-ipon, nagta-trabaho siya bilang ‘data entry clerk’ sa araw at sa weekends. Nag-aaral din siya ng wikang Ingles tatlong gabi sa isang linggo.
- Naging kaibigan ni Anna ang kanyang ka-trabahong si Maricar. Dahil napansin ni Maricar na laging pagod si Anna, inalokan niya ito ng isang substansyang “matutulungan siyang manatiling alerto at gising”. Paminsan-minsan, lumalanghap silang dalawa ng droga habang nagta-trabaho. Dahil dito, hindi natutulog si Anna isa o dalawang gabi sa isang linggo.
- Napansin ni Anna na karaniwang balisa (‘anxious’) ang kanyang pakiramdan sa araw. Paminsan-minsan, nagdurugo din ang kanyang ilong kahit na nakasindi ang kanyang ‘humidifier’ sa gabi.
- Isang araw, paggising ni Anna, pakiramdan niya na siya ay may sakit. Hindi niya alam kung ano ang kanyang gagawin dahil wala pa siyang OHIP card.

Talakayin ang mga sumusunod na katanungan:

- Sa kasalukuyan, ano ang mga pangunahin (priority) sa isipan ni Anna??
- Ano ang humahadlang kay Anna na panatilihin ang kanyang kalusugan, kabilang na ang magpa-eksaminasyon?
- Ano at sino ang maaaring makatulong sa kanya?

Ikatlong ‘case study’

- Si Freddy ay apatnapu’t limang (45) taon. Labitlimang (15) taon na ang nakaraan noong lumipat siya sa Canada galing sa Pilipinas. Nakahanap siya kaagad ng trabaho bilang isang tubero sa pamahalaan ng Toronto. Miyembro siya ng isang ‘trade union’.
- Kontento si Freddy sa kanyang trabaho. Dahil sa kanyang sahod, nakapag-sponsor siya ng mga kamag-anak galing sa Pilipinas. Mayroon din siyang mga benepisyong pang-kalusugan na maaaring gamitin ng kanyang asawa. Nagsimula sila ng pamilya sa Canada. Sa kasalukuyan, mayroon silang anak na pitong (7) taon. Marylou ang kanyang pangalan.
- Mula sa pagdating ni Freddy sa Canada, nagsimula siyang makipag-inuman kasama ng mga ka-trabaho pagkatapos ng trabaho at upang ipagdiwang ang pagtatapos ng mga malalaking proyekto. Nagsimula rin siyang uminom ng isang serbesa (beer) sa hapunan. Umiinom rin siya ng mas marami sa katapusan ng linggo.
- Isang taon, sinuportahan ng union ni Freddy ang isang ‘blood drive’. Dahil nangailangan siya dati ng dugo dahil sa isang aksidente, kusang nagbigay si Freddy ng dugo.
- Isang buwan pagkatapos niyang magbigay ng dugo, nakatanggap siya ng sulat na nagsasabing positibo ang kanyang dugo ng Hepatitis C. Sinabi din sa sulat na kailangan niya uling magpa-eksamen upang malaman kung mayroong aktibong virus sa kanyang dugo. Dahil wala siyang masyadong alam tungkol sa Hepatitis C, naghanap siya ng impormasyon sa internet.
- Hindi siya sigurado kung saan siya maaaring makakuha ng eksaminasyono. Ayaw Hindi niya gustong pumunta sa klinikang pangpubliko dahil may pamangkin siyang nagta-trabaho doon.

Talakayin ang mga sumusunod na katanungan:

- Sa kasalukuyan, ano ang mga pangunahin (priority) sa isipan ni Freddy?
- Ano ang humahadlang kay Freddy na panatilihin ang kanyang kalusugan, kabilang na ang magpa-eksaminasyon?
- Ano at sino ang maaaring makatulong sa kanya?